# *Isa Sa Isang Milyon*

Salamat, kapatid. Salamat, Kapatid na Shakarian.

At magandang umaga, mga kaibigan. Tunay na mainam na makaparito muli sa Los Angeles ngayong umaga, bago itong malaking pagpupulong, dito nga sa nalalapit na pagtitipon sa darating na sanlinggo sa Embassy Hotel. Umaasa akong makita kayong lahat sa dakong 'yun. At tayong lahat nga'y nasa ilalim ng isang dakilang pag-aasam na makatagpo ang ating Panginoong Jesus dun, na makikita natin Siya sa dakong 'yun. Ipinangako Niyang paroroon Siya. "Kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo," Siya'y paroroon nga.

2 At nakakatiyak akong nakatagpo ko Siya kaninang umaga nung paakyat ako sa hagdan dito sa bulwagan, noon ngang ang lahat ng mga tao'y may dakilang pag-aasam, na naghihintay ng agahan at ng pagmemensahe. At mainam ngang magkatipon sa dakong ito kasama n'yo, at maging ng mga tagapakinig sa may radyo. Napakaraming narito, sila nga'y . . . Sasadyain ko sila sa ibabang palapag mamaya, at para makausap ko rin naman ang ilan. Hayan nga't nakita kong napakaraming kahilingan, sakit sa puso, at iba't ibang mga karamdaman sa mga katawan nila, at naparito nga kami ngayon upang makapanalangin para sa mga maysakit at sa mga may pagdurusa.

3 Hayan nga't nung marating ko 'yung ibabaw ng hagdan . . . Tinitingnan ko ngayon 'yung matandang ginoo. Lumapit siya kanina sa akin, at nagsabi, "Kapatid na Branham, maraming taon na . . ." Sabi niya may sakit siya sa puso na napakalubha na muntik na raw siyang . . . akala nila'y mamamatay na siya. At nagkaroon ng pananalangin para sa kanya, at hayan nga't pinagaling siya ng biyaya ng Diyos. At narito po siya ngayong umaga, lampas otsenta na ang edad, at lubos ang kagalakan. Kaya naman nagkaroon tayo ng bagong pag-asa dahil diyan.

4 At ngayon sinsiro akong humihingi ng panalangin mula sa mga nariyan sa dakong naaabot ng radyo, maging dito rin. Pagkatapos ko kasi sa pagtitipon dito, paroroon ako sa Europa, tapos sa Aprika at sa palibot dun, sa mga pagtitipon. At ito'y alinsunod sa isang pangitain, kaya magiging isang dakilang pagtitipon ito sa dakong 'yun, tiyak ako riyan. At nadama ko sa maraming taon na nais ng Panginoon na bumalik ako. Itong munti't simpleng, abang ministeryong ipinagkaloob Niya sa akin, sa palagay ko'y hindi pa Siya lubos na tapos dito, sa dakong 'yun. Para bang may isa pang kaluluwa sa kung saan mang dako roon na mabibingwit ko sa lambat ng Ebanghelyo, sa pamamagitan ng ipinagkaloob Niya sa akin para lambatin ang mga tao, sa pamamaraan ng Makalangit na pagpapagaling,

pananalangin para sa mga maysakit. At sinsiro nga akong humihingi ng mga panalangin mula sa inyo, sa mga narito man at maging sa kanila na nasa labas na nakikinig sa radyo.

5 Wala akong masyadong oras at kukuha lang ako rito ng isang teksto at mangangaral, at dadako na ako riyan sa ilang minuto habang narito ako sa—sa . . . bulwagang ito, ngunit nais ko muna sigurong mangusap sa—sa inyo sa ilang sandali, para unti-unti itong ilahad. At sa mga nariyan sa iba't ibang dako sa buong lupain, mananalangin ako para sa mga nariyan, ngayon mismo, at maging sa inyo na mga narito. At tunay nga akong nagagalak na makilala ang lahat nitong mga mabubuting bagong kaibigan na hindi ko pa kailanman nakikilala noon, at nitong umaga ko lang sila unang nakasalamuha.

6 Kami nga'y nagkakaroon ng mga maiinam na sandali sa mga gawain sa ibang dako. Hindi na ako gaanong nakakalabas, dahil masyado nang abala. Hayan nga't sinisikap lang nating di mapatid ang pagparoo't parito sa pagitan ng Jeffersonville, Indiana at Tucson, Arizona, kung saan lumipat kami roon ilang taon na ang nakalipas, dahil sa isang pangitain ng Panginoon, na nagpadako sa amin doon, hayan nga't, kahit di ko alam kung saan ako dadalhin nun. At marami sa inyo rito, sa Clifton's, nakapangusap ako sa inyo nang kaunti bago ako umalis, at maging sa pagtitipon sa Phoenix, patungkol dun sa dumating na pangitain. Nakakita po ako ng pitong Anghel sa isang kalumpon.

7 At batid ko, sa mga tagapakinig sa radyo, marahil marami sa inyo ay hindi full Gospel, at maaaring tila napakahiwaga nito sa inyo. Gaya na lang, na napakahiwaga rin nito sa akin, hayan nga't . . . Kung maipapaliwanag n'yo kasi ito, aba'y hindi n'yo na pala kailangan pang tanggapin ito sa pamamagitan ng pananampalataya. Mga bagay ito na hindi natin kayang ipaliwanag, na kailangan tanggapin natin sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi natin kayang ipaliwanag ang Diyos. Walang sinumang tao ang may kakayahang ipaliwanang ang Diyos. Siya ang pinakamataas, at Siya'y dakila at makapangyarihan. Atin lamang—atin lamang tinatanggap ito dahil batid nating nariyan Siya. At pagkatapos sa pamamagitan nitong ating pananampalataya, sa pagtanggap natin dito, itutugon Niya sa atin, ang bautismo ng Espiritu Santo.

8 Na, ipangungusap ko po sa inyo, sa ilang mga sandali rito, tungkol sa, "Pamamaraan ng Diyos, o dakong sambahan." At ang tanging dako na masasamba n'yo Siya, ang tanging dako na katatagpuin Niya kayo kailanman, hayan nga't may . . . May isang Iglesya, isang dako, isang panahon, isang bayan, lamang na kinakatagpo ang Diyos. At umaasa akong pagpapalain ng Panginoon ang naturang Mensahe sa mga puso ng mga narito ngayon.

9 Ngayon, sa Tucson, di nga 'yun pangkaraniwan, na ang mga pangitain ay mangungusap sa iyo sa Pangalan ng Panginoon. Ni isa sa mga pangitaing 'yan sa pagkakatanda ko, kahit tanungin n'yo pa ang iba kung may natatandaan silang pagkakataon, na nagsabi Siya ng anumang bagay na iba liban sa kung ano lamang ang Katotohanan. Sa tuwi-tuwina kasi'y nagaganap talaga ito sa paraan ng Kanyang pagkakasabing mangyayari ito.

10 At Siya nga'y natatakda, sang-ayon sa mga Kasulatan, na babalik sa atin sa huling mga araw na ito, sa ganitong uri ng ministeryo. Iyan nga'y pagkatapos ng bautismo ng Espiritu, at pagsasalita sa iba't ibang wika, at Makalangit na kagalingan, at ng iba pa, at mga bagay gaya nito. Nasa panahon na tayo na ang pagtatakip ng mensaheng pentecostal ang ipinangungusap natin. Ang ministeryong ito ni Cristo na Mismong nahayag sa gitna ng Kanyang mga hinirang, kalakip ang siya ring mga bagay na Kanyang ginawa nung narito pa Siya noon sa lupa; sa Kanyang Katawan, sa Nobya, na bahagi Niya, na ginagawa ang siya ring mga bagay, bilang Asawang Lalaki at Asawang Babae, o Hari at Reyna, bago ang seremonya ng Pagkakasal.

11 Ngayong sanlinggong ito, kung loloobin ng Panginoon, nais kong magsalita patungkol diyan, dito sa gawain natin, sa—sa Embassy Hotel, at marahil para unti-unti kong mailahad ito sa aba kong paraan ng paglalahad nito. Ang—ang panahon at ang oras na kinabubuhayan nga natin, kung hindi batid ng isang tao ang daan na kanyang tatahakin, hindi batid kung ano ang kanyang gagawin o kung paano ba liliko, kayo'y—kayo'y di na lumalakad sa pamamagitan ng pananampalataya; nanghuhula na lang kayo, nagbabaka-sakali kayo. At ang *pagbabaka-sakali* ay "pag-abante nang walang opisyal na kapangyarihan." Kaya kung wala tayong tunay na opisyal na kapangyarihan upang mabatid kung ano ang sinabi ng Diyos na magaganap sa panahon na ito, papaano natin kakaharapin ang panahon na ito? Hayan nga't kakaharapin talaga natin ito, dahil nababatid na natin ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang Salita, na ang mga bagay na ito ay inaasahan talagang mangyari ngayon; maging ang kondisyon ng mga bansa, ang kondisyon ng mga tao, ang kondisyon ng iglesya, at ng iba pa.

12 Nararapat lamang na nababatid natin 'yan, at maging kung papaano tayo uusad upang kaharapin 'yan. Kung hindi n'yo batid kung paanong gagawin n'yo, kayo lamang—kayo lamang gaya nga ng tawag natin dito, para lang bang, umaasa lang sa tsamba; basta na lang sasabak dun, umaasang makikita 'yun sa ganoon, umaasang *ganito* at umaasang *ganoon*, at "magiging ganoon kaya?" Subalit hindi nais ng Diyos na gawin natin ang gayon. Nais Niyang malaman natin kung ano nga ba ang sinabi Niya patungkol sa panahon na ito, at pagkatapos ay kaharapin 'yun sa pamamagitan ng pananampalataya, sapagkat Siya ang nagsabing magiging ganito 'yan. Sa ganyan nga'y mababatid

natin—natin na nasa Katotohanan kayo, sapagkat hindi salita ng kung sinong tao ang basta-bastang taglay n'yo; taglay n'yo ang Kanyang Salita kung papaano natin 'yun dapat gawin. At tayo nga'y umaasa na—na ipagkakaloob 'yun ng Makalangit nating Ama sa sanlinggong ito.

13 Ngayon, pasensya na po kung pinutol ko, 'yung sinasabi ko kanina, tungkol sa pagpunta sa Tucson. At inakala ko, sa sarili kong, katapusan na 'yun ng buhay ko. Naisip kong walang makakatagal sa pagkagimbal na inabot ko sa nangyari dun sa pangitain nung umagang 'yun, nung mga alas diyes sa bahay, naisip ko ngang walang makakalabas pa ng buhay pagkatapos nun. Hayan nga't, nagpunta ako sa Tucson, inasikaso ko ang ilang bagay kasama ng anak kong lalaki, para sa maybahay ko at—at mga anak ko para makasama sila sa anak kong lalaki sa oras na lumisan ako, dahil inakala kong katapusan ko na 'yun. At ako, sa Phoenix at sa marami pang mga pagtitipon ko bago 'yun nangyari, sinabi ko na sa inyo kung paano 'yun eksaktong mangyayari.

14 Buweno, ilang buwan pagkatapos kong sabihin 'yun, nasa Sabino Canyon ako noon isang umaga, sa bandang hilaga lang 'yun ng Tucson. Naroon ako noon para manalangin. At habang nananalangin ako, itinaas ko ang kamay ko sa ere, sabi ko, "Ama, idinadalangin ko po sa Iyo na Iyong tulungan nawa ako, bigyan ako ng lakas, para sa oras na kinakaharap ko ngayon. At kung tapos na ang gawain ko rito sa lupa, kung ganoon ay paririyan na ako sa Iyo. At hindi naman sa nalulumbay akong pumariyan, hayan nga't alam kong Iyong iingatan po ang aking pamilya. At ako—ako nga po'y humihiling ng kalakasan para sa oras na ito." At pagkatapos may bagay na tumama sa kamay ko!

15 Ngayon, sa mga tagapakinig po sa radyo, tila nga mahirap paniwalaan itong sinasabi ko, pero ito ang katotohanan. At ang Diyos ang aking Hukom.

16 Tumingin ako sa kamay ko, at may isang tabak dun, nababalutan 'yung parteng hawakan. At 'yung hawakan mismo ay gawa sa perlas, at sa bandang ibabaw ng hawakan ay may mala-gintong puluhan. At ang—ang mismong talim nun ay kumikinang-kinang, oh, na parang palara o kung anong bagay na kumikislap kapag naarawan.

17 Ngayon, mga alas diyes o alas onse 'yun noon ng umaga, doon sa liblib na tuktok ng bundok. Nakikinita n'yo marahil kung ano 'yung pakiramdam ng isang tao ('yung pakiramdam ko't alam kong nasa tama akong pag-iisip) habang nakatayo dun na may tabak na lumitaw sa kawalan, samantalang milya-milya ang layo sa mga tao, habang hawak 'yun sa kamay mo. Sinipat-sipat ko 'yun, hawak ko't iwinagayway ang talim, at, aba, isang tabak nga.

18 At napalingon ako sa buong paligid. Sabi ko, "Buweno, ngayon, paano kaya nangyari 'yun? Heto akong nakatayo rito, sa dakong, ito, at wala namang nasa malapit nang milya-milya, at saan kaya sumulpot 'yun?" At sabi ko, "Buweno, sa—sa palagay ko'y ito marahil ang—ang Panginoon na nagsasabi sa akin na ito na ang oras ng katapusan ko."

At may Tinig na nagsalita at nagsabi, "Ito ang Tabak ng Panginoon."

19 At naisip ko, "Buweno, isang tabak, kung ganoon ito'y para bang may isang hari, na nagtatalaga ng kabalyero." Alam n'yo ba 'yun, ginagawa nila 'yun noong unang panahon sa Inglatera at sa iba't iba pang lugar. Naisip ko, "Para dun nga 'yun, para magtalaga ng kabalyero." At naisip ko, "Buweno, siguro dapat akong magpatong ng mga kamay sa mga tao, o. . . " Maraming pumapasok sa isip ko. . .Ang isip ng tao'y magulo, alam n'yo. Hindi mo malaman kung ano ba. May hangganan ang abot ng isip natin; pero ang Kanya ay walang hangganan. Hayan nga't, at habang ako, 'yung. . .Naglaho nga 'yun sa kamay ko at hindi ko malaman kung saan 'yun napunta, basta na lang naglaho. Aba, kung ang isang tao'y hindi nakakaunawa nang kahit kaunti patungkol sa mga bagay na espirituwal, kayo'y—kayo'y mawawala sa katinuan nang ganun-ganun na lang. Tatayo ka roon, na litong-lito sa kung anong nangyari.

20 At ang sabi Niya, "Ang pangitain ay hindi patungkol sa katapusan mo. Patungkol 'yan sa iyong pagmi-ministeryo. Ang Tabak na 'yan ay ang Salita. Mabubuksan ang Pitong Tatak, ang mga hiwaga ng. . . "

21 At dalawang linggo matapos 'yun, o dalawang buwan, pala, pagkatapos nun, naroon ako sa itaas ng bundok kasama ang ilang mga kaibigan nung naganap ito. Pitong Anghel, na kasing linaw ng nariyan nga kayong nakatayo riyan, ang dumating na humahagibis pababa mula dun sa Langit. Ang mga bato sa mga bundok ay natungkab at gumulong pababa ng mga burol, at—at ang mga tao na naroong nakatayo ay nagsigawan at hindi malaman ang gagawin, alam n'yo, at nagliliparan ang alikabok sa lahat ng dako. At habang nangyayari 'yun, Kanyang sinabi, "Bumalik ka sa iyong tahanan. Ngayon nga'y, bawat Anghel ay magiging isa sa mga tatak ng Pitong Tatak."

22 At, nasa teyp na 'yan ngayon. At ilalabas na ang aklat sa madaling panahon, hayan nga't isinasaayos na lamang 'yung pagkakabaybay ng mga pangungusap dito. Gaya ng alam n'yo, hindi ako ganoong kaayos magbaybay, at hindi 'yun maaano ng mga tao. . .Liban siguro sa mga tao na nagmamahal sa akin at alam na alam na kung paano unawain ang pagbabaybay ko ng pangungusap. Hayan nga't may teologo riyan na nagsasaayos ng pagbabaybay ng pangungusap nun para sa akin, at inaalis ang lahat ng—ng. . .Buweno, baka may nasabi akong maling

salita roon. Wala akong kamalay-malay dun. Hayan nga't, may narinig akong tumatawa, kaya sa palagay ko walang salitang "pagbabaybay" mali yata 'yun. Subalit gaya nga ng isang taga-Olandes, unawain n'yo ako sa kung anong ibig kong sabihin at hindi sa kung anong sinasabi ko, ganoon na nga siguro.

23 At tatlong minuto na lamang po, sabi sa akin, at patapos na ang programa.

24 Ngayon, kayong mga minamahal namin diyan sa dakong naaabot ng radyo, at kayong mga maysakit at nangangailangan na naritong dumalo, maaari n'yo bang ipatong ang inyong mga kamay sa isa't isa ngayon habang umuusal tayo ng panalanging kahilingan para sa mga maysakit. Ngayon, sinabi ni Jesus, sa huling pagsugo Niya sa Iglesya, "Lalakip ang mga tandang ito sa kanila na magsisisampalataya." "Kanila," kanila na magsisisampalataya! "Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling."

25 Minamahal naming Makalangit na Ama, kami ay gaya sa mga bata ngayon, sinusunod namin kung ano ang sinabi Mong gawin. Pinapatungan namin ng mga kamay ang lahat ng mga kahilingang ito ng pananalangin sa telepono. Nakikita Mo sila doon sa iba't ibang dako kung saan man sila, kung papaanong nangangailangan sila, at nagdurusa. Nakikita Mo yaong mga narito na nangangailangan, nagdurusa. At ipinagkakatiwala po namin sila sa Iyo, minamahal naming Diyos, sa pamamagitan ng pananampalatayang ito sa Iyong Salita na Iyong sinalita, "Lalakip ang mga tandang ito sa kanila na magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling." Ipagkaloob Mo ito, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

[Tinapos ni Kapatid na Branham ang unang pagsasahimpapawid sa radyo—Pat.]

☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆

26 Salamat, Kapatid na Shakarian. Tunay ngang isang malaking pribilehiyo ang makabalik sa pagsasahimpapawid, upang makapangusap sa ilan sa ating mga kaibigan sa iba't ibang dakong naaabot ng radyo, at gayundin sa mga narito.

27 At sa inyo po talaga namin ipinararating ang paanyayang ito, na magtungo lamang po kayo sa Embassy Hotel bukas ng hapon, para maipanalangin. At hindi lamang 'yan, kundi para maakay na rin yaong mga makasalanan at mga nagsitalikod sa pananampalataya. Hayan nga't sa tuwina'y nananalangin tayo para sa mga may karamdaman, at saksi nga tayo sa tuluy-tuloy na pagpapamalas ng Diyos ng mga dakilang himala, subalit pumapangalawa lamang dapat 'yan. Ang pinakamahalagang bagay ay ang maligtas, mapuspos ng Espiritu ng Diyos, na aking ipangungusap sa inyo sa ilang sandali lamang sa dakong ito,

at pati ang kasapatan ng kung paano tayo dapat mapuspos ng Espiritu ng Diyos.

28 At kadalasan ngang ang Makalangit na pagpapagaling ang tumatawag sa pansin ng mga tao, at dinadala sila sa Presensya ng Diyos. Kapag gumagawa ang Diyos ng isang bagay na—na batid nilang hindi-. . .buweno, hindi nga 'yun maunawaan. Hindi kasi natin kayang maipakita nang punto por punto kung paano ito isinasagawa. Ang Diyos kasi ang gumagawa nito sa Kanyang Sariling dakilang paraan. Kaya naman tatawagin nito ang pansin ng mga tao, upang mapagtanto nilang may Presensya ng isang Kapangyarihan sa dakong 'yun kung saan man, na makagagawa ng bagay na lampas sa kaunawaan ng tao, at nagbubunsod sa mga tao na tumingin sa Cordero ng Diyos. At sa tuwina, ang Makalangit na pagpapagaling; sinabi sa akin, at naniniwala ako riyan, mismo, na mga nasa pagitan ng animnapu, marahil, pitumpung porsiyento, ng ministeryo ng ating Panginoon, ay ukol sa Makalangit na pagpapagaling. At ginawa Niya 'yun para tawagin ang pansin ng mga tao. At nung lumapit na ang mga tao, sinabi Niya, "Malibang kayo'y magsisampalataya na Ako nga Siya, kayo'y mangamamatay sa inyong mga kasalanan."

29 Ngayon, ang Makalangit na pagpapagaling ay isa talagang mabisang panghatak, upang maituon ang paningin ng mga tao sa Panginoong Jesus. At si Doktor F. F. Bosworth, na marami sa inyo ay, kaibigan siya, at kilala siya, at ang ministeryo niya ay naging napakahalaga sa akin noon bilang batang ministro. Noong nagpapasimula pa lang ako sa mga pagtitipon ko, hayan nga't nilalapitan ko lagi si Kapatid na Bosworth. Lagi niyang sinasabi dati, "Ang Makalangit na pagpapagaling," ito po'y di ganoong kagandang pangungusap, sabi niya, "Ang Makalangit na pagpapagaling ay ang pain sa isang kawil." Sabi, "Hindi mo ipinapakita sa isda ang kawil. Yung pain ang ipinapakita mo, at pagkatapos kakagatin nung isda 'yung pain at kaya naman makakawil siya." Yan nga po ang sinisikap naming gawin. Yan ang ating. . .aming. . .Ang layunin namin ay madala ang mga tao sa Panginoong Jesus Cristo. At Siya ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kaya kung Tagapagpagaling Siya sa mga nagdaang sinaunang panahon, Tagapagpagaling Siya maging sa panahon ngayon.

30 Isang personal na patotoo lamang po ang nais kong sabihin bago ako manalangin para sa mga maysakit na nariyan sa mga dakong naaabot ng radyo. Ilang araw na ang nagdaan, nakaupo ako roon sa isang kabundukan kung saan naganap ang isang dakilang bagay sa harap ng labinlima o dalawampung kapatid sa dakong 'yun, kung saan talagang bumaba ang Anghel ng Panginoon, at may dakilang Liwanag na humahagibis na gaya ng isang kometa, ang tumama sa kabundukan, at nagliparan ang mga bato sa layong dalawang daang talampakan, o higit

pa, sa buong paligid, nalagas 'yung mga ibabaw ng mga puno. At nakatayo ako mismo sa ilalim Nun. At sinabi ko na sa mga naroon ilang buwan bago 'yun maganap, na lilitaw Yun sa dakong 'yun at pati ang magaganap; hayan nga't, nabanggit na rin sa kanila 'yun isang araw bago 'yun mangyari. At lahat ng mga kalalakihan dun ay nagtakbuhan sa ilalim ng mga trak at di magkamayaw, sinisikap na makalayo. Hindi nila alam kung ano nang nangyari. At Siya'y nangusap at sinabi kung anong mangyayari pagkatapos na pagkatapos nun.

31 Nakaupo sa may isang bato roon, kung saan Siya mismong nagpakita, may—may kaibigan akong naisama namin dun, na nanggaling pang Minnesota. Narito ngayong umaga ang mga kaanak niya at hindi lang ako sigurado ngunit baka narito siya kung saan sa mga palapag diyan. Si Donavon Weerts po ang tinutukoy ko, at isang mabuting batang-bata pang lalaki, isang Lutheran na isinuko na ang buhay niya kay Cristo at napuspos na ng Espiritu. Talagang may kababaang-loob ang kabataang Aleman na ito, nasa trenta anyos na, pamilyado, dalawa o tatlo ang kanyang supling. Lumipat siya sa Tucson para raw maging kapitbahay ko, hayan nga't tatlo o apatnaraan ang nagsilipat na rin para maging kapitbahay ko. Hayan nga siya . . .

32 At nagagalak akong magkaroon ng mga katulad nilang mga kapitbahay. Sinusundan nila ako kahit hanggang dun sa Timog Aprika, at sa lahat ng iba't ibang dako kahit saan, para lang maging malapit at makita ang . . . makasama ako, at makasama ako at tamasahin ang kaluguran ng Panginoon.

Isa nga siyang lalaking may mababang-loob, at minsan pa nga'y hindi ko siya gaanong napapansin.

33 Pero siyempre, ang mga taong kakilala ko at nakakasalamuha ko ay para na ring mga sarili kong kapatid na lalaki, kapatid na babae. Pinangangalagaan ko sila, at kung sa tingin ko'y lumalayo na sila sa linya, hayan nga't inaanyayahan ko sila sa isang tabi at makikipag-usap sa kanila, sapagkat mahal ko sila. Nais nating tumahan sa Kaluwalhatian nang magkakasama. At kung minsan marahil, sa mga pagtitipon, naiisip n'yong nakapagsasalita ako nang masakit sa inyo. Hindi 'yun dahil dun. Hindi 'yun sa dahil hindi ko kayo mahal, hayan nga't galing 'yun sa puso ko, sapagkat sa akin—sa akin . . . Iisa lang dapat ang paraan. May isang paraan lang ng paglilingkod sa Diyos, at 'yun ay ang . . . Ang makapanatili tayo sa Kanyang paraan, kahit ano pa ang mga kaisipan natin dun. Dapat ay sa Kanyang paraan!

34 At napansin ko si Donavon, 'yung kanang dulo ng kanyang tainga, namaga 'yun nang husto na tatlong beses ang laki nun sa tama nung sukat, at pulang-pula na talaga. Buweno, naisip ko marahil, nasa disyerto kami ng ilang mga araw na, matagal na kaming namamalagi dun, kaya baka nairita lang ng cactus 'yung

tainga niya. Ngunit, nung mahawakan ko 'yung kamay niya, nalaman kong kanser pala. Kaya sinabi ko kay Donavon, sabi ko, "Donavon, mayroon ka bang . . . Gaano nang katagal 'yang nasa tainga mo?" Hindi ko siya diniretsa, kunwari hindi ko alam. Sabi ko, "Gaanong katagal na 'yan diyan, Donavon?"

Sabi niya, "Kapatid na Branham, mga anim na buwan na," sabi niya.

Sabi ko, "Bakit hindi mo man lang nabanggit sa akin?"

35 Sabi niya, "Oh, pansin ko kasing marami kang ginagawa," sabi, "ayaw ko namang—namang abalahin ka." Sabi, "Naisip ko na lang na baka may isang araw ay sabihin sa iyo 'yun ng Panginoon."

Kaya sabi ko, "Alam mo ba kung ano 'yan?"

Sabi niya, "May palagay na ako."

Sabi ko, "Yun na nga 'yun."

36 At nung ikalawang umaga. Wala naman akong ginawang kahit ano, liban sa hawakan siya sa kamay; nung ikalawang umaga nga, ni peklat ay walang mababanaag sa tainga niya. Talagang naglaho 'yun nang tuluyan.

37 Napakaraming beses na pinagpipilitan natin, at iginigiit na makukuha natin sa *ganito*, *ganoon*. O . . . Kita n'yo, ang dapat ay, "Lalakip ang mga tandang ito sa mananampalataya." Ni di sinabi rito, "kung mananalangin sila para sa maysakit." "Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling!" Kailangan na tayo mismo, sa ating mga sarili, ay may pananampalataya sa ginagawa natin. Buweno.

38 Hayan nga't narito marahil si Donavon ngayon. Puwede n'yo siyang lapitan mamaya. Paririto siya, kung wala pa siya rito ngayong umaga, diyan sa mga palapag. Puwede n'yo siyang lapitan, at kukumpirmahin niya ang naturang patotoo.

39 At ano pang masasabi ko? Sa pagkakaalala ko si Lucas, o si Juan, isa riyan, ang nagsabi na sa sanlibutan ay hindi magka- . . . mapaglalagyan, magkakasya ang mga aklat na maisusulat tungkol sa mga bagay na ginawa Niya sa gitna ng mga tao sa huling mga araw na ito; kung papaanong pinagaling ang mga maysakit, lumaya sa bisyo ang mga lulong sa alak, at libo-libo sila, at lahat na ng uri ng mga karamdaman at mga pagdurusa.

40 Ngayon, kayo riyan sa iba't ibang dakong abot ng radyo, maging sa mga narito, hawak ko rito ang madami-daming mga kahilingan ngayon sa kamay ko na ipinarating ngayong umaga sa pamamagitan ng telepono, na walang humpay na nagri-ring simula pa nung dumating kami. At kaya ating . . . Sangdaan at siyamnapu't anim na kahilingan ang naiparating ngayong umaga, sa pamamagitan ng telepono, simula pa nung dumating kami. Kaya magsama-sama tayo sa oras na ito sa pananalangin habang ang bawat isa . . . Saanman kayo naroon, nariyan man

kayo sa malalayong lugar na abot ng radyo, ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, sa mga mananampalatayang narito. Kung wala rito, ipatong n'yo ang inyong kamay sa Biblia o anumang bagay riyan, habang nananalangin kami rito at diyan.

41 Minamahal naming Makalangit na Ama, ang munting patotoong ito ni Donavon Weerts, ay isa lamang sa libo-libo, Panginoon, na Iyong lubos na binigyang biyaya. . . Dalangin kong tumunghay Ka sa mga puso ng mga tao na narito at maging sa mga nasa iba't ibang dakong naaabot ng radyo. At sila nawa, ang bawat isa, ay gumaling. Lisanin nawa sila ng kasamaan, at mapalaya nawa sila sa lahat ng kanilang mga pagdurusa. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak, hinihiling namin ito. Amen.

Thank You, Lord. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

[Tinapos ni Kapatid na Branham ang ikalawang pagsasahimpapawid sa radyo—Pat.]

☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆

42 Buweno, ikatlong beses ko na ito sa itaas ngayong umaga. Grabe! At, alam n'yo, nabanggit sa akin na kailangan na nating lisanin ang gusali sa loob ng mga labindalawa, o labing-apat na minuto, o parang ganun. At ang sabi ng tagapangasiwa, na nariyan sa kabilang palapag, na hindi na sila makapaghahain pa ng pagkain. Napahaba ang kainan kanina. Marami kasing handa, alam n'yo. Kaya tayo ay lubos, at labis na nagagalak na nagkaroon tayo ng di lang dakilang espirituwal na kagalakan, kundi kagalakan din ng ating tiyan, gaya ng matatawag ko rito, ngayong umaga kasama ng maiinam na mga kalalakihang ito.

43 Nais kong—kong banggitin na kami'y. . . may mga gawain uli, bukas ng hapon, sa Embassy. Hayan nga't, mananalangin kami para sa mga maysakit doon, at umaasang kakatagpuin tayo dun ng Diyos. At naparito ako upang iambag ang aking bahagi, ang aking pagmi-ministeryo, para gawin (sa abot ng aming makakaya) gawing matagumpay ang pagtitipon na ito. Hindi katagumpayan namin dahil pagtitipon namin ito, kundi katagumpayan ng mga tao na nakasumpong kay Jesus Cristo. Iyan nga ang katagumpayan. Sa anumang pagtitipon, kahit na gaano pa natin katinding papurihan ang Diyos, gaanong karami pang mga dakilang bagay ang makita nating ipamalas Niya, gaanong karami pang beses Siyang mangusap sa atin sa Espiritu, at kung anu-ano pa; maliban na magawa ang bagay na ito, dapat kasing may madalang kaluluwa sa Kaharian!

44 At si Kapatid na Shakarian kanina'y may sinabing isang—isang pahayag na totoong-totoo namang talaga tungkol sa kung ano sa palagay niya ang nangyayari sa mga araw na ito na ating—ating kinabubuhayan. Hayan nga't tunay ngang naniniwala ako

nang buong puso ko, na nabubuhay na tayo sa panahon ng pagtatapos, narito na sa—narito na sa lilim na kumikiling sa pagsapit ng gabi. Papalubog na ang araw. At kapag nakikita natin kung paano nagaganap ang mga bagay-bagay ngayon, aba, mahirap apuhapin kung ano ang dadalhin ng susunod na henerasyon. Nung isang araw nga . . .

45 Hayaan n'yong bigyan ko kayo ng isang munting panloob na kaalaman tungkol sa isang bagay. Nagsagawa sila ng isang pag-aaral sa buong Arizona, kung saan ako nakatira, sinama ang lahat ng mga paaralan. Nagsagawa sila sa mga bata, pero di ito alam ng mga bata, ng isang pagsusulit para masuri ang pag-iisip ng mga bata. At hulaan n'yo kung anong kinalabasan? Kasama ang mga paaralang sekondarya at—at mga paaralang elementarya, lumabas na walumpung porsiyento ng mga bata ang may kakulangan sa pag-iisip. Pitumpung porsiyento sa mga 'yun ay mga nanonood ng telebisyon. Kita n'yo, ang mga kasamaan, sadyang nariyan lang pala sa paligid natin at hindi natin . . . Tapos magtataka kayo kung bakit ganoon. Dinig na dinig n'yo na ang Tinig ng Diyos na humihiyaw laban dito, at kahit na ganun na nga'y ang mga sarili—sarili natin ay nasisilo pa rin nun.

46 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang kagulat-gulat na bagay na ito. Kita n'yo, "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginoon,' ay papasok; kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama." Ang Kanyang kalooban ay ang Kanyang Salita. Maaari sigurong napakarelihiyoso natin, galak na galak, na nagsisihiyawan, nagtatalunan, sa mga pagtitipon, na ating . . . ayaw ko—ayaw ko sanang maging mapanuri. Pero may—may tungkulin ako na dapat ganapin sa Diyos, at ang tungkuling 'yan ay ang maging tapat at sabihin kung ano ang Kanyang ninanais na sabihin ko. At ako'y—ako'y tunay ngang nagpapasalamat sa sangay rito sa California na kaakibat kong pumapasan ng—ng aking mga paninindigan. Kung hindi ko sasabihin ang aking mga pinaninindigan, ipokrito ang labas ko n'yan at di talaga ako kailanman naging tapat sa inyo. At kung hindi ako magiging tapat sa inyo, papaano pa ako magiging tapat n'yan sa Diyos, hayan nga't kayo nga'y nakikita ko at nakakausap pa nga. Siyempre, tapat tayo, sa Diyos, ganun nga, subalit kailangan nating maging talagang sinsiro at tapat sa isa't isa. Tayo nga'y tunay na nasa isang—isang nakakatakot, na nakakatakot na panahon. At huminto na ba kayo para . . .

47 Hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang masusing pagtingin dito. "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginoon,' ay makapapasok; kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama." Sabi ni Jesus, dito sa lupa, "Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang isang tao, kundi sa bawat Salita." Bawat Salita! Hindi lang 'yung kung anong maisipang sundin, na Salita, kundi bawat Salita.

48 Isang Salita lamang ang hindi sinampalatayanan, sa ano ng Diyos. . .sa mga utos ng Diyos, na naging sanhi ng kamatayan, kalungkutan, at bawat sakit at pagdadalamhati sa puso, hayan nga't lihis na sa Salita ng Diyos, isang Salita lang! Kung dinala nito ang lahi ng sankatauhan sa kamatayan, dahil sa paglihis, dahil sa di pagsampalataya sa isang Salita, "tunay," tunay. Hayan nga't sinabi na Niyang mangyayari ito. Sinabi ni Satanas, "Tunay na hindi ito mangyayari." Subalit nangyari nga ito.

49 Kaya, kailangan nating tupdin ang bawat Salita ng Diyos. At kung ang tao at ang lahat ng paghihirap na ito at mga bagay na nagaganap sa lahi ng sankatauhan, ay dahil sa pagkakamali ng pagpapaliwanag, o—o di pananampalataya sa isang Salita, papaano pa tayo n'yan makababalik kung malilihis tayo sa Isa, hayan nga't ganitong kalaki ang naging kabayaran nito, halaga ng buhay ng Kanyang Anak?

> *. . .marami ang mga tinawag,. . .kakaunti ang mga nahirang.*

> *. . .marami ang mga tinawag,. . .kakaunti ang mga nahirang.*

50 Hindi na ako kukuha pa ng pamagat mula rito, hayan nga't wala na kasi tayong oras, ngunit para may iwan lang ako sa inyong isang bagay. Isipin natin 'yung . . .

51 Sumama ako isang araw kay Kapatid na Shakarian, kung saan artipisyal silang nagpapalahi dun ng mga baka. At nakita ko ang—ang. . .sa laboratoryo kung saan ako dinala ni Kapatid na Shakarian. At kumuha sila nung semilya ng lalaking baka, mula sa isang . . .isang maliit na instrumento, isang imbakan, at kinuha nila 'yung kumpol ng semilya dun, at inilagay 'yun sa ilalim ng isang mikroskopyo na pinalaki 'yun ng makadaan-daang beses. At may maliliit na binhing nagtatalunan dun, sa semilya na 'yun. Hayan nga't, alam naman nating nagmumula ang binhi sa lalaki at ang itlog naman ay mula sa babae. At tinanong ko ang taga-suri dun, sabi ko, "Ano 'yang tumatalon-talon na maliliit na 'yan?"

Sabi niya, "Mga—mga maliliit na mga toro at guya 'yan." Kita n'yo?

At sabi ko, "Sa kaunting gapatak na 'yan?"

Sabi niya, "Oo."

52 Sabi ko, "Marahil kung ganoon pala'y sa buong semilya na 'yan ay may isang milyong nariyan?"

Sabi niya, "Oh, tama." Kita n'yo? Ngayon, masdan n'yo itong mabuti.

53 Ngayon, kapag nagaganap ang kamangha-manghang bagay na ito, may isang itlog na naghihintay para sa isang binhi mula sa milyong 'yun. At walang makapagsasabi kung aling binhi nga, o aling itlog nga. Kung pagmamasdan n'yo ang natural na

kapanganakan, mas mahiwaga pa ito kung tutuusin kaysa sa—kaysa sa kapanganakan sa pamamagitan ng birhen. Sapagkat, sa semilya na ito, may isa roon na itinalaga na nang una na mabubuhay, at ang iba sa kanila ay mangamamatay. At hindi nga kung alin 'yung unang sasalubong; 'yung unang makikiisa sa itlog. Siguro'y bigla na lang lilitaw 'yung itlog sa likuran ng semilya, o sa gitnang bahagi ng semilya; siguro'y gayundin ang gagawin nung binhi, dun sa itlog. Tapos gagapang na 'yung binhi sa loob ng itlog, at malalagas na 'yung maliliit na buntot mula dun, at doon na magsisimula 'yung mabuo nang tuluyan. May isa lang sa buong kumpol na 'yun, mula sa isang milyon, na makagagawa nun, isa lang; at ang nagpapasya nun ay isang Puwersang di batid, ng tao. Hayan nga't kayo'y, bawat isa nun, ay magkakapareho naman, bawat isa sa mga binhing naroon ay talaga namang magkakapareho. Gaya din sa mga hayop. Gaya din sa tao. Naitalaga na kung magiging lalaki 'yun, o babae, pulang buhok, itim na buhok, o kung ano. Itinalaga na ito ng Diyos. Magkakamukha silang lahat, sa natural, ngunit may isa roon na naitalaga na sa buhay; isa sa isang milyon, kahit na magkakamukha silang lahat.

54 Noong lisanin ng Israel ang Egipto, nasa higit-kumulang dalawang milyong katao ang umalis nang sabay-sabay dun. Bawat isa sa kanila'y nakapakinig ng mensahe mula sa isang propeta. Bawat isa sa kanila'y sumaksi sa Haliging Apoy. Bawat isa sa kanila'y nabautismuhan kay Moises, sa Dagat na Pula. Bawat isa sa kanila'y nagsipaghiyawan sa—sa Espiritu, nagsipagtugtog ng mga tamburin at nagsitakbo nang pabalik-balik sa pampang, kasama ni Miriam, nung umawit sa Espiritu si Moises. Sila, bawat isa, ay nagsiinom nga mula sa siya ring espirituwal na Bato. Sila, bawat isa, ay nagsikain ng sariwang Manna tuwing gabi. Bawat isa nga sa kanila! Subalit dalawa lamang ang nakarating sa lupain, isa mula sa isang milyon.

55 Ano ang naging pagsubok? Nagsiinom sila sa iisang Bato, nagsikain silang lahat ng siya ring espirituwal na Manna tulad nang nagsalo-salo tayo ngayong umaga, ngunit ang pagsubok nga sa pamamagitan ng Salita ang nagpatunay kung sino sila. Noong dumating na sa puntong nasa Kadesh-barnea na sila, noong naghahanda na silang pumasok sa lupang pangako, at hindi nga sila makapapasok hanggang sa masubok muna sila sa pamamagitan ng Salita. At ang lahat ng—'yung sampu dun nung bumalik, ang sabi, "Hindi natin ito kaya! Ang mga tao natin ay parang. . .Para tayong mga tipaklong, sa kanila, ang kanilang siyudad ay napapaligiran ng naglalakihang mga pader. Napakalakas ng kalaban."

56 Subalit pinatahimik ni Josue at Caleb ang bayan. Sabi nila, "Kayang-kaya natin ito!" Bakit? Sinabi na ng Diyos, bago sila lumisan, para sa lupang pangako, "Ibinigay ko na sa inyo ang

lupain. Ibinigay ko na ito sa inyo. Sa inyo na ito." Subalit may isa nga lang mula sa bawat isang milyon.

57 Nasa higit-kumulang limang daang milyon ang tinaguriang mga Cristiano sa buong mundo ngayon, at bawat araw ay may henerasyong nagwawakas. At ngayon, papaano kung darating ang Pag-agaw ngayon hayan nga't limang daang katao, sa buong daigdig, ang kukunin lang sa Pag-agaw? Ni hindi n'yo nga 'yun mamamalayan o makikita man sa pahayagan, ito ngang paglisan nila. Hayan nga't ang Pagparito ng Panginoon ay isang lihim na Pagparito. Paparito Siya at aagawin na sila. Sadyang napaka kaunti lamang, anupa't . . .

58 Gaya na lamang noong araw na tinanong ng mga alagad si Jesus, "Bakit sinasabi ng mga Eskriba na—na kailangang pumarito muna si Elias?"

Sabi Niya, "Siya'y naparito na, at hindi n'yo ito nalaman."

59 Hindi n'yo ba napagtatanto 'yung ginawa nung mga tao? Patuloy silang naniniwalang si Moi- . . . si Elias ay darating. At nung naroon na siya sa mismong piling nila, aba'y hindi nila nalamang 'yun na pala 'yun.

60 Gayundin naman sa Pagparito ng Anak ng tao! Gayundin ang gagawin nila sa Kanya. Narito na ang Espiritu ng Diyos. Buweno, anong gagawin natin Dito? Kakain na lamang ba tayo ng Manna, at kung anu-ano pa, at ni hindi man lang tayo makausad sa ating paglago?

61 Napansin n'yo po ba ang isang butil, gaya ng sinasabi ni Rev. Pitts kani-kanina lang, 'yun ngang kung papaanong ang isang butil ay ibinabaon sa lupa? Maraming butil ang naroon sa lupa. Noong kumilos ang Diyos sa ibabaw ng tubig, kasama ang Liwanag, at nagkaroon ng Liwanag. Ang unang Presensya ng Diyos, nagkaroon ng binigkas na Liwanag sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. At ang Salita ng Diyos ang tanging bagay lamang na nagbibigay ng Liwanag. At noong bumalik ang mga tubig, nakabaon na sa lupa ang binhi, at pinausbong lamang ng Liwanag ang mga binhing may nanatiling buhay sa loob nila, pinausbong. Heto ang Diyos na nilalang ang Kanyang nilikha.

62 At ngayon naman, nung umaga ng Pagkabuhay ay may isa na namang Liwanag na tumama sa lupa, noong ipagkaloob ang Espiritu Santo. At ipinagkaloob Ito upang magdala ng Buhay sa mga Binhing naroon na ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman, ay alam nang lilitaw sa lupa. Gaya ng nalalaman Niya ang unang natural na binhi, alam Niya kung saan naroon ang espirituwal na Binhi. Hayan nga't nakahimlay ang iyong katawan dito noon sa lupa, noong unang likhain ng Diyos ang lupa. Bahagi tayo ng lupa. Nakahimlay na tayo riyan. At sa pamamagitan ng Kanyang paunang kaalaman ay alam na Niya eksakto kung sinong magmamahal sa Kanya at kung sinong maglilingkod sa Kanya, at kung sinong hindi. Sinasabi 'yun sa

Kanya ng pauna Niyang kaalaman. Kung hindi, ibig sabihin ay hindi Siya Diyos. Hindi Siya maaaring maging Diyos kung hindi siya muna walang hanggan. At kung Siya'y walang hanggan, alam Niya ang lahat ng mga bagay.

63 Kaya, nakita n'yo ang mga tao'y nakagagawa ng sari-saring mali. Natitisod sila. Nagsisitakbo sila kung saan-saan, at sa isip nila'y puwede sigurong *ganito* at *ganoon*, ngunit hindi 'yun gumagana nang tama, kitang-kita natin 'yan. Hayan nga't may tamang paggana, 'yun ay ang hanapin ang ganap na kalooban ng Diyos at tumayo roon, sa kung saan tinawag ka ng Diyos.

64 Gaya ng sinabi ni Kapatid na Jack kani-kanina lang tungkol dito sa—sa Pershing Square, grabeng kaguluhan. Yung isa kesyo *ganito* raw, at 'yung isa *ganoon* daw; at mga teologo po ito, at kung anu-ano pa, para sa mga gustong magkaroon ng kaalaman sa ilang teolohiya, ang dumadayo.

65 Sa palagay ko'y halos ganoon din sa Hyde Park sa London. Naparoon ako noon, lahat ng naroon ay may kanya-kanyang kaisipan. Isa—isa nga 'yung kalipunan ng iba't ibang klase ng kuro-kuro sa makabagong-panahong daigdig ng Babilonia.

66 Ngunit napansin n'yo ba habang—habang nangungusap si Kapatid na Pitts sa kanyang magandang mensahe kaninang umaga sa atin? Noong lumakad na siya papaalis sa liwasang 'yun, nakakita siya ng isang bulaklak ng liryo ng Pagkabuhay. "Sa gitna ng lahat ng kaguluhan," gaya nga ng pagkakalahad niya nun sa atin, "wala itong paraan para magsabi ng 'oo' o 'hindi.' Buhay ng Diyos ang nagliliwanag dito, sa gitna ng lahat ng mga kaguluhan." Naroon ito sa kaningningan nito, sapagkat itinalaga ito ng Diyos na maparoon. Sa gitna ng lahat ng mga salungatan ng kuro-kuro, walang nakakapansin dito. Hindi makita ng mga tao ang espirituwal na bagay na umiiral dun.

67 At ganyan na ganyan nga ngayon sa gitna ng lahat ng ating mga malalaking pagtitipon at mga grupo, at mga iglesya at mga denominasyon, at kung anu-ano pa. Ang isa'y pumapaling sa gawing *ito*, "Maging Baptist dapat tayo, o maging Presbyterian, dapat na maging *ganito*, *ganoon*, o *anuman*." Sa gitna ng lahat ng 'yan, may isang bulaklak na umusbong. May kapangyarihan ng Diyos na lumitaw sa mismong gitna natin, na pinalitaw mismo sa kalagitnaan nating lahat. Tayo nga'y huminto at pagmasdan ito, pansumandali, at pagmasdan ito sa sanlinggong ito, at panoorin itong malantad sa mismong harap natin. Nananampalataya nga tayong gagawin 'yan ng Diyos. Di po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

68 Sa palagay ko'y oras na para magsibaba na tayong lahat ngayon. Kaya manalangin tayo, bawat isa sa atin.

69 Minamahal naming Diyos, sa tuwing iniyuyuko namin ang aming mga ulo sa Iyong Presensya, nadarama naming kami'y napaka salat para humiling. Subalit ipinangako Mo sa amin,

na kung lalapit lamang kami, hindi Mo kami bibiguin. At ang mga di ganoong kahusay na pangungusap na ipinangusap, na sa anumang paraan ay hindi isang doktrina, "isa mula sa isang milyon," kundi para maging paalala lang. Sapagkat sinabi mo:

> . . .*makipot ang pintuan, at makitid ang daan,* na *patungo sa buhay, at kakaunti* ang *nangakakasumpong* noon.
>
> *Sapagka't marami ang mga tinawag, datapuwa't kakaunti ang mga nahirang.*

70 Oh Walang Hanggang Ama, ipadala Mo ang Liwanag ng Ebanghelyo sa buong siyudad, sa darating na sanlinggong ito ng pagpupulong. At kung mayroon mang Binhi, na anupa't sa Iyong Sariling dakila't, matalinong paglalaan, gaya ng aming paghahalintulad dun sa semilya ng lalaki at babae, nawa'y magsipunta sila sa pagpupulong. Nawa'y ang Espiritu Santo'y pagkalooban sila ng Liwanag. Napagtatanto naming ang oras ay marahil huli na sa inaakala namin. Dumadalangin kami, Diyos, na sa pagparito po namin, na sadyang naniniwalang marahil ay may bagay rito na magagawa na makatutulong sa mga tao, o—o magtutunton sa pinakahuling tupang 'yun. Batid namin, na kapag puno na ang kulungan ng mga tupa, hayan nga't isasara na ng Pastol ang pintuan.

71 Gaya na lang nung panahon ni Noe, noong nakapasok na ang huling miyembro ng sambahayan, isinara ng Diyos ang pinto. At nangalampag sila at kumatok nang malakas, subalit huli na ang lahat. Minamahal na Diyos, nagkaroon nga sila ng pagkakataon.

Sabi Mo, "Ako ang Pintuan ng kulungan ng mga tupa."

72 At hayan nga't nakaaantig talaga ang awiting 'yun mula sa isang makata, "Hindi ba sapat sa Iyo ang siyamnapu't siyam? Hayan nga't, hindi, may natitirang isa pa." Maaaring isa siyang munting itim na tupa, o maaaring isa siyang hindi pansinin, maaaring munting babae o lalaki. Hindi natin alam kung saan sila naroon, subalit kailangang pumasok ang pinaka huli at pagkatapos ay isasara na ang pinto. Oh Diyos, Na nakakaalam ng lahat ng mga bagay, saliksikin Mo ang aming mga buhay ngayong umaga. At isugo kami na saanman kami magpunta, ay mahanap namin ang pinaka huling 'yun, upang maisara na ang pintuan at pumasok na sa loob ang Pastol kasama ng mga tupa. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Kung narito ang isang 'yun ngayon, kung ang isang 'yun na dapat pumasok . . .

73 "Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin. At walang sinumang tao ang makalalapit, maliban na inilapit siya ng Aking Ama."

74 At kung mayroon mang hatak, o munting damdamin, na ito na marahil ang oras para sa isang narito kasama ng karamihan, sa bahaging ito o sa baba man, o saanmang dako sila naroon, tumugon nawa sila, "Opo, Panginoon, ako po yaong munting

ligaw na 'yun na naliligaw; at iniiwasan Ito, sa buong buhay ko. Nadarama kong—kong—kong dapat akong lumapit, subalit ngayon ay nanlulupaypay ako sa panig na ito ng pagkagapi. Hindi ako makaliban sa ibabaw o sa ilalim man. Hindi ako makausad." Oh, pumarito nawa ang dakilang Pastol, hanguin siya nang may mapagkalingang mga kamay at ipasok ang isang 'yun nang ligtas, ipasan siya sa Kanyang mga balikat at dalhin siya pabalik nang ligtas.

75 Marahil ay may isa rito, Panginoon, na may sakit, na nasa gayunding kalagayan, na sinabihan na ng doktor, "Wala nang magagawa pa." Nagsumikap na nang husto ang doktor para isalba ang isang 'yun, subalit hindi niya 'yun maisalba. Lampas na ito sa kaya niyang gawin. Wala—Wala na siyang magagawa pa. Hindi na 'yun kaya ng kanyang medisina o ng kanyang pang-opera. Ngunit, Oh Panginoon, walang napakalayo para sa Iyong mahabang bisig, at ang Iyong Salita ay ang Iyong bisig. Kaya dumadalangin kami, Mahal naming Diyos, na, ngayong umaga, habang nakikipag-usap kami sa Iyo, na abutin Mo at itayo ang isang 'yun na may sakit at hindi matulungan ang sarili, na hindi na kaya pang iligtas ng lahat ng siyentipikong bagay, ng kung sinumang doktor, nawa'y gumaling po sila. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

76 Habang iniisip po namin si David, na inatasang mangasiwa sa iilang mga tupa, kakaunting bilang. Hayan nga't isang araw dumating ang isang oso at kinuha ang isang munting tupa at inilayo ito, at kakainin na sana (gaya ng kinakain ng kanser ang katawan), o gaya ng malaking leon. At kahit si David, ay di armado ng—ng mahabang baril, o, hindi siya bihasa sa espada, hayan nga't tirador lang ang kanyang gamit, sinundan niya ang tupang 'yun. At nung matunton niya ang—ang hayop na akma nang papatayin ang munting tupa, pinatay niya 'yun gamit ang tirador. Isang simpleng maliit lang na sandata na gawa lang sa kapirasong balat ng hayop at tali lang, at, gayunpaman may kompiyansa siya dun.

77 Wala ritong dakilang pantas sa gitna namin, Panginoon. Mga simple lamang kaming mga tao na may simpleng munting panalangin, subalit amin ngang tinutunton ngayon ang tupa ng Ama. Tulad ng babaing 'yun na naglalakad sa mga lansangan, kalunos-lunos ang kalagayan, humihitit ng sigarilyo, sinisikap na makahanap ng kapayapaan sa paninigarilyo; tulad din ng lalaking 'yun na nalalanghap ang basong alak at sinusubukang labanan 'yun, subalit mahigpit ang pagkakahawak sa kanya ng kaaway; tulad ng binata at dalagang 'yun na sinisikap gumawa ng tama, pero sadyang di makahugot ng lakas para kumawala sa maling bagay; hayan nga't lumalapit po kami sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang agawin ang tupang 'yun ngayong umaga. Ginagapi namin ang kaaway; sa pamamagitan nitong simpleng bagay, isang tirador, isang panalangin, hayan nga't

sumusugod kami para dalhin ang isang 'yun pabalik sa kawan ng Ama, upang pahalagahan ang mga bagay na ipinagkatiwala sa aming kamay. Nawa'y ang kapangyarihan ng Diyos ay magpatimo ng pananampalataya ngayon, doon sa mga puso ng mga tao, at nawa'y maipanumbalik ang ligaw na kaluluwang 'yun ngayong umaga. Pakawalan nawa siya ng mga tukso sa buhay na ito, bitiwan siya. At masumpungan nawa niya ang kanyang sariling ligtas na sa mga balikat ng Panginoon, na pinapasan siya upang ibalik muli sa ligtas. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

78 Pagpalain kayong lahat ng Diyos. Hanggang sa muling pagkikita natin bukas, ibibigay ko na ang gawain kay Kapatid na Shakarian. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

[Tinapos ni Kapatid na Branham ang ikatlong bahagi—Pat.]

☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆ ☆

79 Hayan nga't, umaasa akong—akong kayo'y... makasumpong ako ng higit pang biyaya sa paningin ng Diyos at sa harap n'yo, upang maniwala na tatayo ako rito upang sabihin sa inyo ang isang bagay na mali. Lumampas na ako sa ikalimampu't anim kong kaarawan, noong isang araw. Hindi ito Mensahe ng isang matandang lalaki lang. Sinampalatayanan ko na ito magmula pa noong paslit pa lang ako. At kung hindi ito totoo, ako na ang pinakamangmang na tao na inilagay ng Diyos dito sa lupa. Ibinigay ko ang buong buhay ko para sa Layuning ito. At hayaan n'yong sabihin ko ito sa inyo na may katapatan: kung may sampung libong buhay po ako, hinding-hindi ko babaguhin ang aking tayo.

80 Ngayon, ang kagalingan ay abot-kamay lang ng bawat tao. Tandaan n'yo, ang kagalingan ay nasa inyo. Inilagay ng Diyos sa puno ng seruwela ang bawat seruwelang ipamumunga nun, noong itinanim Niya ito sa Hardin. Kita n'yo, ang kailangan lang n'yo...gaya ng puno ng seruwela o puno ng mansanas, o puno ng anumang prutas, ay mamunga lang, sa pagsipsip ng tubig sa lupa. Ngayon bawat isa sa inyo ay nagtataglay na ng kagalingang ipamumunga pa lang sa loob n'yo, upang iligtas kayo, sapagkat Diyos 'yun mismo, buhat pa noong naitanim kayo kay Cristo sa pamamagitan ng bautismo (hindi bautismo sa tubig), espirituwal na bautismo. Hindi kayo pumapasok kay Cristo sa pamamagitan ng bautismo sa tubig. Sa pamamagitan ng espirituwal na bautismo!

81 Bukas ng hapon, kung loobin ng Panginoon, mangungusap ako patungkol diyan, *kung papaano* at *kung ano* ang tunay na pagpapairal Nito. Idaraos natin 'yan ng hapon para hindi ito makaabala sa iba pang mga gawain n'yo.

82 Ngayon tingnan n'yo po, ang bawat isa sa inyo rito ay tumatayo bilang mga mananampalataya, kita n'yo, ibig sabihin

ang Buhay na nakay Cristo ay nasa inyo. Magagawa nito, kung makikita lamang n'yo ito!

83 Gawain ng diyablo na patuloy kayong hadlangan mula Roon, panatilihin kayong bulag. Hayan nga't bubulagin niya nga kayo, hanggang sa, kita n'yo, hindi n'yo alam kung saan kayo patutungo. Hindi masasabi ng isang bulag kung saan siya patungo, kailangan niyang humingi ng kaalaman mula sa isang tao na nakakakita. Hanggang sa magkaroon tayo ng kaalaman, kailangang may magsabi sa atin kung ano ang Katotohanan.

84 At namatay si Cristo para sa inyo, at kayo ay nailipat na mula sa sanlibutan patungo kay Cristo. At ang lahat ng kailangan n'yo ay nasa inyo na mismo, sa pamamagitan ng bautismo ng Espiritu Santo. Hindi ba't ganoon nga 'yun? Ngayon ang tanging bagay na kailangan n'yong gawin ay simulan n'yo nang uminom mula Roon.

85 At habang sumisipsip ng tubig ang puno, sinisimulan na nitong itulak palabas ang mga dahon niya, ang usbong niya, itinutulak palabas ang mga bunga niya taon-taon. Wala sa lupa ang bunga; nasa halaman ang bunga. Ilan ang nakakaunawa nun, sabihin n'yo nga, "amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kaya, kita n'yo, nasa halaman ang bunga, at ang bawat halaman ay kailangang uminom mula sa kanyang bukal. Hayan nga't sa pagbuhos ng ulan, binibigyan nun ang halaman, ng buhay, upang mainuman. At, habang umiinom ito, tumutubo ito.

86 At lumalago ito hanggang sa makarating ito sa ganap na pag-usbong, kagaya ng pinagdaanan ng Iglesya, upang mamukadkad sa panahong ito.

87 At, habang umiinom tayo, lumalago tayo. Subalit kung tatanggi sa pag-inom ang halaman, hayan nga't hindi maaaring lumago ang halaman. At kung sasampalatayanan lamang n'yo ito ngayon, bawat isa sa inyo!

88 Siyempre, alam n'yo kung papaano gumagawa ang Diyos, nagpapakita ng iba't ibang mga bagay, sa mga bagay na iyong ginawa at sa mga bagay na hindi mo dapat ginawa, at iba pa, sa pagtitipong ito. Umaasa tayong bababa sa atin ang Espiritu Santo ngayong umaga at gawin 'yun, habang nangakatayo tayo. Hayan nga't patuloy akong naghihintay.

89 Sa palagay ko'y naliligalig lang ako, iniisip na doon sa baba'y hinihintay na nila tayong lumabas dito, kita n'yo. Hayan nga't hinihintay na nila tayong lumabas; napahaba na kasi tayo.

90 Subalit sampalatayanan n'yo ito, nang buong puso n'yo. Gawin n'yo po. Kung ako'y—ako'y nasumpungan n'yong kaaya-aya sa harap n'yo, bilang isang tapat na tao, sampalatayanan n'yo ito. Ngayon ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa—sa isa't isa.

91 Ngayon tingnan n'yo, po, hindi sinabi ng Biblia, "Lalakip ang mga tandang ito kay William Branham." Hindi sinabi rito na, "Lalakip lang ito kay Oral Roberts." Hindi sinabi, "Lalakip ito kay Kapatid na Kopp," o kung sinuman.

92 "Lalakip ang mga tandang ito sa kanila," pangmaramihan, "na magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y gagaling." Ang kapangyarihan nga ito ng Diyos na sumasainyo, na nagbibigay ng Buhay sa taong pinapatungan n'yo ng inyong kamay, ang pinagmumulan nga ng Buhay na Banal na Espiritu.

93 Minamahal naming Diyos, sa Pangalan ni Jesus Cristo, sa mahalagang sandaling ito kung kailan ang iglesya. . . tumayo nawa sila sa sandaling ito, na walang pagkatakot, at nawa ang Kapangyarihan na nagbangon kay Cristo mula sa libingan, ay buhayin sa kanila sa mga oras na ito ang Katotohanan ng Ebanghelyo, na utos ni Jesus na, kung kanilang "ipapatong ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila'y magsisigaling." Nawa'y ang bawat kapangyarihan ng demonyo, bawat sakit, bawat karamdaman, bawat kahirapan, bawat pighating nangyayari sa mga tao, lumisan nawa ito ngayon din sa pamamagitan ng pananampalataya. Bilang mga mananampalataya, hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

94 Ngayon itaas n'yo po ang inyong mga kamay at papurihan Siya, kung sinasampalatayanan n'yo ngang ginawa na Niya ito.

95 Minamahal naming Diyos, mamamatay ang sanggol na ito, Panginoon, malibang mangyari ito. Sinasaway ko ang bukol na ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lisanin nawa nito ang walang muwang na paslit na ito. Amen.

Ngayon, sinubukan ng mga doktor, pero nabigo sila. Manampalataya lamang.

*Isa Sa Isang Milyon* TAG65-0424
(One In A Million)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng umaga, Abril 24, 1965, para sa agahang pagtitipon ng Full Gospel Business Men's Fellowship International sa Clifton's Cafeteria sa Los Angeles, California, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2017 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org